

The Marriage Proposal

1

Excited si Mariz sa pagbabalik niya ng Pilipinas. Nadestino kasi siya sa Bangkok, Thailand ng anim ng buwan dahil sa kanyang trabaho.

Mula sa airport ay tumuloy si Mariz sa apartment na inuupahan niya sa Quezon City. Pagkatapos ay binabalak niyang sorpresahin ang nobyo niyang si Charles na matagal ding hindi niya nakita. Ang totoo nag-aalala siya dahil hindi na ito nag-e-email sa kanya o sinasagot man lang ang mga tawag at text messages niya. Nangako pa naman sila sa isa't isa na magpapakasal na pagbalik niya galing sa Bangkok.

“I’m home at last!” masayang turan niya sa ka-housemate na si Lilia. Pareho silang taga-Quezon Province ng babae. Kaklase niya ito ng highschool at naging matalik na kaibigan. Napagkasunduan nila na parehong BS Marketing ang kunin nila sa kolehiyo kung kaya sabay silang tumulak pa-Maynila. Pinalad naman sila parehong makapasa sa entrance exam ng *Pamantasan ng Lungsod ng Maynila*. Simula nga noon, lalo pa silang naging close at ngayon nga na pareho na silang may mga trabaho, magkasama pa rin silang umuupa sa iisang apartment.

“How’s the trip? Mukhang maganda yata ang epekto ng Thailand sa iyo, ah,” anito.

“Okay lang, medyo maraming trabaho, kaya ngayon lang ako nakauwi. Teka, napuntahan mo ba si Charles? Tumawag ba siya o dumaan man lang? Masyado na kasi akong nag-aalala sa kanya. Bigla na lang kasi kaming nawalan ng communication.”

“Huh? Ah eh... wala akong balita sa kanya, nasaan nga pala ang mga pasalubong ko?” paiwas na tanong ng kaibigan niya.

“Nandyan sa box, teka Lilia, may problema ba? May nangyari ba kay Charles habang wala ako?”

“Friend, ang dami mong tanong, hindi ba madaling araw ka umalis sa Bangkok? Malamang halos di ka pa natutulog niyan. Bakit kaya di ka muna matulog o magpahinga man lang?”

“Lilia, please, sagutin mo naman ang tanong ko,” pakiusap niya.

“Mabuti pa Mariz, si Charles na lang ang tanungin mo.”

“Bakit pa, kung pwede mo naman akong sagutin.”

“Ang kulit mo talaga. Mas maganda kung kayong dalawa na lang ang mag-usap,” pinal na sabi nito.

Sa isa sa pinakamalaking telephone company sa bansa nagtatrabaho si Charles. Isa ito sa mga junior executives ng kompanya at sa Ortigas ang opisina nito.

Pagkatapos makipagkuwentuhan kay Lilia ay umalis na si Mariz para bisitahin ang nobyo sa opisina nito.

Miss na miss na niya si Charles at excited siya sa muling pagkikita nila. Six months din siyang namalagi sa Bangkok dahil sa company expansion nila. Isa siyang Marketing Coordinator sa *Trends Cosmetics*. Isa itong kilalang manufacturer ng mga beauty products sa Pilipinas.

Dumerecho kaagad siya sa 14th floor at pumasok sa silid ng secretary ni Charles na si Irene.

“Hi Irene, kumusta na? ‘Andyan ba ang Sir Charles mo?” masayang bati ni Mariz.

“Ay, Ma’am Mariz kayo pala, kelan pa po kayo dumating?” halatang gulat na tanong nito.

“Kanina lang. Umuwi lang ako sa bahay para iwan ang mga багаhe ko, nagpahinga sandali at pagkatapos ay nagtuloy na ako dito para sorpresahin

siya.”

“Ma’am, wala po si Sir Charles, may luncheon meeting po sila at hindi pa siya nakakabalik.”

“Gan’on ba? Irene, hindi ba ikaw ang nakakasagot ng mga phone calls ko kapag tumatawag ako dito sa opisina ng Sir mo?”

“Opo, pero palagi po kasing out-of-town si Sir Charles nitong mga nagdaang buwan. At saka may instruction po kasi si Sir Charles tungkol sa mga telephone calls at sumusunod lamang po ako,” paliwanag nito.

“What do you mean?”

“Ma’am, order po kasi ni Sir na maging istrikto pagdating sa phone calls dahil masyado daw po siyang busy.”

“Gan’on ba? Kasama pala ako sa instruction na ‘yon? Teka, pwede bang doon ko na lang siya sa loob ng opisina niya hintayin?” Nagsisimula nang makaramdam ng pagkairita si Mariz. Dederecho na sana siya sa private office ng nobyo nang bigla siyang pigilan ni Irene.

“Sandali po, Ma’am Mariz, baka po kasi magalit si Sir.”

“Ikaw naman Irene, sanay naman akong sa loob ng opisina ni Charles naghihintay di ba?”

Natigil lamang ang pag-uusap nila nang biglang bumukas ang pinto at pumasok ang isang matangkad at mestisahing babae. Sabay silang napalingon dito ni Irene. Parang nakakita ng multo ang sekertarya ni Charles.

“Irene, si Charles ba nandyan na?”

“Ma’am Chelsea, wala pa po si Sir, eh,” kinakabahang sabi nito.

“Okay, I’ll just wait for him inside,” anito na hindi man lang siya tinapunan ng sulyap at tuloy-tuloy itong pumasok sa loob ng opisina ni Charles na para bang lagi na nito iyong ginagawa.

Siya naman ang parang pinako sa kinatatayuan niya. Wala sa loob na tiningnan niya si Irene na halatang-halata na ngayong kinakabahan.

“Irene, sino ‘yon? Bakit niya hinahanap si Charles?” sunod-sunod niyang usisa.

“Ma’am Mariz, pwede po bang bumalik na lang kayo ulit bukas? Ii-inform ko na lang po kay Sir Charles na dumating na kayo.”

“Pero...”

“Ayan na po pala si Sir Charles, siya na lang po ang kausapin ninyo,” sabi ng sekretarya na tila nakahinga nang maluwig.

Paglingon niya ay nakatayo na nga sa may pintuan si Charles, patakpong niyakap niya ang nobyo.

“Charles!” bulalas niya ngunit para lamang itong tuod na napako sa kinatatayuan at tila gulat na gulat sa sumalubong sa kanya.

“Hey! Kelan ka pa dumating?” sabi nito nang medyo makabawi sa pagkagulat.

“Hindi na importante kung kelan ako dumating, I’ve missed you, love. Promise di na ako ulit aalis. Bakit nga pala hindi mo sinasagot ang tawag ko? Almost two months din tayong nawalan ng communication ha, ni hindi ka man lang nag-email?”

“H-ha? Ah... eh... Can we talk outside?” tanging sagot ni Charles sa dami ng tinanong niya.

“Okay. Marami tayong dapat pag-usapan, di ba?”

Palabas na sila ng pinto nang biglang itong tawagin ng sekretarya.

“Excuse me, Sir, hinihintay po kayo ni Ma’am Chelsea sa loob,” nag-aalangang sabi ni Irene.

Tila muling nagulat si Charles at nakakunot-noo itong bumaling sa kanya.

“Mariz, puwede bang mamaya na lang tayo mag-usap? Pupunta na lang ako mamaya sa apartment ninyo,” pakiusap ni Charles na halatang nag-aalala.

“My God, Charles! Hindi mo ba ako nami-miss man lang? Six months tayong di nagkita. Bakit? Sino ba ‘yong Chelsea na ‘yon?” naibulalas niya.

“I’m sorry, Mariz, ayaw kitang biglain pero mukhang wala na akong choice,” anito na mukhang napipilitan.

Hindi siya nakahuma sa narinig at nagsimulang bumilis ang tibok ng puso niya. Mahabang katahimikan muna ang lumipas bago muling nagpatuloy si Charles sa pagsasalita.

“Mariz, I am getting married. Chelsea is my fiancée, ikakasal na kami this Sunday,” pag-amin nito.

“Please tell me this is just one of your jokes, Charles. Nagbibiro ka lang, di ba?” mangiyak-ngiyak na tanong niya.

“It’s true, I’ve met her during the time na nangungulila ako sa iyo. Sinabi mo three months ka lang doon pero hindi ka tumupad sa usapan natin.

Nakilala ko si Chelsea, then all of a sudden, I find myself falling in love with her. I know it's wrong but it just happened and I'm very, very sorry, Mariz."

Para siyang binuhusan ng malamig na tubig sa narinig at bago pa makapag-react ay lumabas mula sa private office nito ang babaeng ipinalit nito sa kanya. Yumakap pa ang babae kay Charles.

"Honey, nandiyan ka na pala? Kanina pa ako sa office mo," anito saka napabaling kay Mariz. "Who is she?" takang tanong nito kay Charles.

"Honey, this is Mariz, an old college friend. Mariz, si Chelsea, siya ang fiancée ko," pakilala nito.

Iyon lang ang nasabi mo, Charles, tungkol sa akin? Pagkatapos ng mahigit apat na taon nating relasyon, ipapakilala mo lang akong 'old college friend!' naghuhumiyaw ang isip ni Mariz na nakatitig sa lalaki.

"Hi Mariz, I'm glad to meet you." Tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa pagkatapos ay muling ibinalik ang atensyon kay Charles. "Honey, why don't you invite her to our wedding?"

"I already did, right, Mariz?" baling sa kanya ni Charles.

“Excuse me, I have to go,” paalam niya na nagmamadaling tumalikod dahil kaunti na lang ay babagsak na ang luhang kanina pa niya tinitimpi.

Ngunit bago pa siya nakalabas ay narinig niya ang pagtawag ni Chelsea sa kanya. Lumingon siya at tiningnan ito, may dinukot ito sa loob ng bag at iniabot sa kanya.

“Mariz, this is our invitation, buti na lang at may sobra pa ako sa bag ko, sana makapunta ka.” Iyon lang at ibinalik na nito ang atensyon kay Charles na nakatingin lang sa kanila.

Hindi na rin niya ito sinagot, ang mahalaga sa kanya ngayon ay makaalis sa lugar na iyon. Nagmamadali siyang sumakay sa elevator. Hindi na niya napigilan ang pagpatak ng luha at mayamaya lamang ay humihikbi na siya.

Hindi napansin ni Mariz ang lalaking kasabay niya na matamang nakatitig sa kanya. Dala marahil ng matinding pagod at sama ng loob nakaramdaman siya ng pamamanhid ng buong katawan, tila biglang umikot ang paligid kung kaya napahawak siya sa gilid ng elevator. Narinig pa niya ang nag-aalalang tinig ng lalaking katabi niya at ang pag-alalay nito sa kanya bago siya nawalan nang malay.

2

Nang muling magmulat ng mga mata si Mariz, nagtaka siya nang makita ang sarili sa loob ng isang silid na hindi pamilyar sa kanya. Unti-unti nagbalik sa alaala niya ang lahat ng nangyari bago siya nawalan ng malay.

Muli ay naramdaman niya ang sakit nang maalala niya ang mga naganap sa opisina ni Charles at tila muli na naman siyang maiiyak. Nagbalik din sa alaala niya ang pagsakay niya ng elevator at pagkahilo niya. Wala na siyang maalala pagkatapos niyon.

Nagsimula nang ayusin ni Mariz ang sarili. Hinahanap niya ang dalang shoulder bag nang bumukas ang pinto. Pumasok ang isang lalaki at bigla niyang naalala na ito ang kasabay niya at umalalay sa kanya sa loob ng elevator bago siya nawalan ng malay.

Pakiramdam niya ay tumigil ang pagtibok ng kanyang puso nang magtama ang mata nila. Matangkad at maganda ang built ng katawan nito. Guwapo din ito at lalaking-lalaki ang dating. Matangos ang ilong nito at tila nangungusap pa ang mga mata.

Nginitian siya nito at namumulang ibinaba niya ang tingin.

“I’m glad you’re awake. Putlang-putla ka kanina, ah,” nakagiting bungad nito.

“Naasan ako?” usisa niya.

“You’re in my private office. I’m Russell Soriano, by the way. Dinala kita dito nang mawalan ka ng malay sa elevator. Ipinatawag ko ang company nurse at sinabi niyang you need to rest,” paliwanag nito.

Naisip niyang ito marahil ang boss ni Charles, base na rin sa apelyido nito at sa gara ng opisina nito. Hindi niya sukat akalain na napakaguwapo pala nito at bata pa.

“Pasensya na po kayo kung nakaabala ako sa inyo, Sir. I’m Mariz Buendia,” pagpapakilala niya.

“Okay lang ‘yon,” sagot nito na tila naghihintay pa ng ibang sasabihin niya.

“Sir, I really appreciate your kindness, but I think I should go.”

“Would you like to eat something first before you go?” malumanay na tanong ng lalaki na titig na titig sa kanya.

“No thanks, Sir. Napagod lang ako, sa tingin ko kailangan ko na talagang umuwi.”

Nagmamadaling tumayo si Mariz at magtutungo na sana sa pintuan ngunit maagap siyang hinawakan sa siko ni Russel at pinigil. Naramdaman niya na tila may tumulay na kuryente buhat sa mga kamay nito patungo sa siko niya.

“Will you please sit down for a moment? I’d like to talk to you about something,” utos nito.

Laking pasasalamat ni Mariz nang may kumatok sa pintuan. Pinapasok ito ng lalaki at bumungad sa kanya ang isang babae na sa tantya niya ay kasing-edad niya at sa tingin niya ay sekretarya ng lalaki.

“Sir Russell, dumating na po si Mr. Olivarez at hinihintay na po nila kayo sa conference room,” magalang na pahayag nito.

“Okay, Vicky, pupunta na ako doon,” sabi nito at saka bumaling sa kanya, “magpahinga ka muna dito at sana pagbalik ko abutan pa kita. Make yourself comfortable, Mariz. At kung may kailangan ka, just tell Vicky,” anito bago lumabas ng opisina.

Naiwan siyang nag-iisa sa loob ng opisina nito at nakatingin siya sa kawalan. Naalala na naman niya sa Charles at sa pagkakaalala sa nobyo ay muli na

namang nag-init ang mga mata niya.

Nagpasya siyang tumayo at lumabas ng opisina ng lalaki. Nakita niyang wala ang sekretarya nito sa labas na naipagpasalamat niya. Hindi niya kasi alam kung ano ang sasabihin dito. Nagmamadali siyang umalis at lumayo sa lugar na iyon.

Pagbalik ni Russell sa opisina ay wala na ang babaeng kanina lang ay nakahiga at nagpapahinga sa couch ng opisina niya. Malaya niyang napagmasdan ang maamo nitong mukha. Nahalata niyang tila may mabigat itong dinadala.

God! She looks so fragile and vulnerable.

Sayang nga lamang at hindi niya ito nakausap nang matagal dahil sa importanteng meeting niya sa isa sa mga kliyente nila. Pinangako niya sa sarili na magkikita pa sila ng babaeng iyon.

Nakauwi naman nang maayos si Mariz sa apartment kahit na parang wala siya sa sarili. Bakas sa mukha ni Lilia ang pag-aalala lalo nang makita ang hitsura niya.

“Lilia, ano ba’ng kasalanan ko? Bakit nagawa sa akin ni Charles ‘yon?” umiiyak na tanong ni Mariz sa

kaibigan na noon ay nakamasid lang sa kanya. “Bakit hindi mo man lang sinabi sa akin? Nagmukha tuloy akong tanga,” sumbat niya.

“Sorry, Mariz, kahit na alam ko, sinadya ko talagang hindi sabihin sa ‘yo,” anito na tila maiiyak din sa nangyari sa kanya.

“Bakit ka naglihim sa akin?” galit pa rin na usisa niya.

“Naalala mo ba noong tumawag ka dito para itanong si Charles? Pinuntahan ko siya sa apartment niya pero wala na siya doon, nakalipat na pala. Nagpasya akong puntahan siya sa opisina para alamin kung ano talaga ang nangyari sa kanya. Ipinagtapat niya sa akin ang lahat. Na may bago na nga daw siyang girlfriend at malapit na silang ikasal. I really wanted to tell you pero pinigil ko ang sarili ko dahil tiyak ko magmamadali ka sa pag-uwi ng Pilipinas.

“Walang kuwentang lalaki ang tulad ni Charles para lang sayangin mo ang maganda mong trabaho. At kung sakaling umuwi ka, tingin mo ba magbabago pa ang isip ni Charles?” Sandaling huminto si Lilia at pagkatapos ay nagpatuloy, “Mariz, alam mo ba na ikaw pa ang sinisisi ni Charles kung bakit nasira ang relasyon ninyo? Nang dumating ka ipinasya ko na mas makakabuting kayong dalawa na lang ang

mag-usap upang masagot niya ang lahat ng gusto mong malaman.”

“Sa tingin mo mas nakabuti ba?” umiiyak na tanong niya pagkatapos ay ikinuwento niya ang eksenang nangyari sa opisina ni Charles.

“Napakawalanghiya talaga ng lalaking ‘yon!” galit na galit na sabi ni Lilia nang matapos siya sa pagkukuwento.

Saglit na katahimikan ang namayani sa kanilang dalawa bago muling nagsalita si Mariz.

“Lilia, akala ko nagkaintindihan kami ni Charles bago ako umalis kaya hindi ko inaasahang aabot sa ganito.”

“Hindi talaga siya karapat-dapat sa iyo. Sige umiyak ka, ilabas mo ang lahat ng sama ng loob mo, pero pagkatapos niyan, mag-move-on ka na, marami ka pang makikilalang mas higit pa sa Charles na iyon,” pag-aalo ni Lilia.

Kumuha siya ng tissue sa bag at sandaling napatitig sa kulay rosas na sobreng nasa loob niyon.

“Tingnan mo, binigyan pa ako ng wedding invitation nila,” humihikbing sumbong ni Mariz sa kaibigan.

Naaawa si Lilia sa kaibigan dahil alam nito kung gaano kamahal ng babae ang nobyo ngunit natutuwa rin ito dahil nakaligtas si Mariz sa ganoong klase ng lalaki.

Ang totoo, hindi masyadong boto si Lilia sa boyfriend ng kaibigan. Sa tingin nito kasi may pagka-ambisoso ito. Bagaman, hindi naman iyon masama, sa tingin nito, si Charles ang tipo ng tao na gagawin ang lahat matupad lamang ang mga pangarap. Pero dahil sa mahal ito ni Mariz, pinakisamahan na rin nito ang binata.

“I think dapat magpahinga ka na. Look at you, magang-maga na ang mga mata mo sa kakaiyak. Ihahanda ko lang ang mesa, masarap ang niluto ko, malamang na-miss mo ang luto ko noong nasa Thailand ka pa.”

“Friend,” tawag niya kay Lilia, lumingon ito at nagtatanong ang matang tumingin sa kanya, “thank you, ha!”

“Ang drama mo, sige na mag-relax ka lang muna diyan,” nakangiting sambit nito.

Maaga pa lang ay gising na si Mariz. Ang totoo, hindi siya gaanong nakatulog ng nagdaang gabi

kakaiyak. Noong isang gabi lang ay nasa tinutuluyang apartment pa siya sa Thailand at nag-iisip kung ano ang dadatnan niya sa Pilipinas.

Naalala na naman niya si Charles. Nasa college pa lang siya nang magkakilala sila nito. Hindi naman ito super guwapo pero malakas ang appeal, tipong boy-next-door ang dating at plus factor pa nito ang pagiging maporma. Masyado kasi itong malinis sa katawan at para bang laging bagong ligo.

Schoolmate nila ito ni Lilia. BS Advertising ang kurso nito at may ilang subjects na magkaklase sila. Dahil malapit lang ang boarding house nito sa inuupahan nilang apartment ni Lilia, madalas nila itong nakakasabay kapag uwian hanggang sa nagkapalagayan sila ng loob. Nagsimula itong manligaw sa kanya nang makatapos sila ng kolehiyo at makahanap ng trabaho.

Hindi naglaon ay sinagot niya ito. Ito ang una niyang boyfriend at napakatagal na rin naman ng four years na pinagsamahan nila bilang magnobyong kaya nga siguro ang sakit-sakit ng nararamdaman niya. Si Charles na maalalahanin at sa pagkakaalam niya ay very understanding at very faithful sa kanya. Sa tinagal-tagal ng relasyon nila, bihira lang silang nagkaroon ng misunderstanding kung kaya shocked

siya sa nangyari sa kanila.

Wala sa loob na dinampot ni Mariz ang invitation card na nakapatong sa side table niya, binuksan niya iyon at napaiyak na naman siya. Nabasa niya ang nakasulat na pangalan na katabi ng pangalan ni Charles, kung di sana siya umalis, pangalan sana niya ang nakasulat sa tabi nito.

“Love, I think mami-miss kita nang husto. Sanay kasi ako na lagi kang nandyan,” ani Charles.

Nasa isang sikat na restaurant sila noon sa Tomas Morato. Treat niya iyon kay Charles at para na rin ibalita rito na isa siya sa napili ng kompanya nila na ipadala sa Thailand.

“Mami-miss din kita pero matagal ko nang inaantay ang break na ito. Sayang ang opportunity at saka three months lang naman kaming mag-i-stay sa Thailand. After ma-train ang mga tauhan doon at masiguro na stable na ang Trends Cosmetics ay maari na kaming umuwi sa Manila,” paliwanag ni Mariz.

“Okay, pero siguro naman pagbalik mo puwede na tayong magpakasal tatal naman pareho ng stable ang trabaho natin.”

Saglit na nag-isip si Mariz bago muling nagsalita. Matagal na itong binabanggit ni Charles sa kanya

ngunit ngayon lang ito direktang nagyaya. Ngunit hindi pa rin niya tiyak ang sarili kung gusto na niyang magpakasal. Iniisip niya rin kasi na may pinag-aaral pa siyang kapatid sa probinsya.

“Okay, promise! Pagbalik ko, puwede na kayong mamanhikan sa probinsya namin,” sabi ni Mariz.

“Make sure na three months ka lang ha? At huwag mong kalilimutan ang pangako mo na pakakasalan mo ako pagbalik mo.”

Sa airport bago siya umalis, panay ang yakap ni Charles sa kanya, na akala mo ay hindi na sila muling magkikita. Panay din ang bilin sa kanya na ingatan niya ang sarili at parati siyang tumawag dito. Paglipad ng eroplano, baon niya ang alaala ng nobyo at ang pangakong pagbalik niya ay pakakasalan niya ito.

Pagdating niya ng Bangkok, trabaho kaagad ang sumalubong kay Mariz. Madalas naman silang mag-usap ni Charles sa telepono at maging sa internet, kaya nga lamang ang tatlong buwan na pangako niya ay hindi natupad dahil sa dami ng mga trabahong hindi pa nila natatapos. Kinausap niya ito at humingi pa ng one month extension, pumayag naman ito ngunit hindi pa rin iyon natupad.

Hanggang sa dumating ang puntong hindi na

ito sumusulat at hindi na rin nito sinasagot ang mga tawag at e-mails niya. Gustuhin man niyang umuwi, hindi niya pa rin nagawa dahil may problema pa ang *Trends Cosmetics* ng mga panahong iyon. Hanggang sa abutin siya ng six months at doon pa lamang siya nakauwi ng Pilipinas.

3

“Mariz, ano ka ba? Kumain ka naman ng maayos, simula nang umuwi ka lagi ka na lang ganyan, nangangayayat ka na. Hindi ka na rin lumalabas ng bahay,” nag-aalalang sabi ni Lilia sa kaibigan over breakfast.

“Ikaw naman, Lilia, don’t worry about me, okay lang ako,” walang kagana-ganang sagot niya.

“Hay naku, Mariz, ayusin mo ang sarili mo. Hindi ‘yong parati ka na lang natutulala diyan. Buti na lang at binigyan ka ng kompanya ninyo ng one-week-break bago mag-report.”

“Lilia, pwede bang samahan mo ako sa mall ngayon?” sa halip ay tanong niya.

“Saturday ngayon. Malamang maraming tao sa mall, pero sige na nga, para makalanghap ka naman ng ibang uri ng hangin at medyo mabago naman ang lipad ng utak mo.”

“Maliligo lang ako sandali, ha. Ikaw na muna ang bahalang maghugas ng plato. Babawi na lang ako sa susunod,” pakindat na pakiusap niya.

Sa di-kalayuan sa apartment nila ang pinuntahang mall ng magkaibigan. Namili si Mariz ng formal dress, pati na rin ng bagong bag at sapatos sa mga sikat na boutiques ng mall na labis na ipinagtaka ni Lilia.

“Alam mo, may pakiramdam akong sinasaniban ka ng masamang espiritu,” nakamasid na obserbasyon ni Lilia sa kaibigan na noon ay nagsusukat ng sapatos.

“Bakit mo naman nasabi ‘yan? Masama bang mamili ng mga gamit na branded?”

“Kilala kasi kita. Alam ko kasing hangga’t kaya mong tipirin ang sarili mo, gagawin mo. At hindi ka mag-aaksaya ng pera para lang sa mga bagay na ‘yan. Mas gugustuhin mo pang ipadala ‘yong ginastos mo sa mga iyan sa probinsya. Kung tutuusin marami ka ring namang napamiling gamit sa Thailand, ah.”

Nagkibit-balikat lamang si Mariz at hindi ito sinagot. Pagkabayad sa counter ay nagyaya na siyang kumain ng merienda. Tumuloy sila sa isang restaurant na nasa mall din na iyon. Sa pagitan ng pagsubo, hindi pa rin napipigilan ang pag-uusisa ng kaibigan niya.

“Mariz, may binabalak ka bang gawin? Don’t tell me, balak mong i-seduce si Charles? Hello! Ikakasal

na siya,” napapalatak na sabi ni Lilia.

“Hindi,” maiksing sagot niya.

“Ah, siguro may balak kang makipag-date sa iba,” namamanghang sabi nito.

“Wala sa mga nabanggit mo.”

“Wait, di ba bukas ang kasal ni Charles? Wag mong sabihing...”

“Oo, pupunta ako sa kasal ni Charles bukas.”

“Nababaliw ka na ba talaga?”

“Wala naman akong masamang gagawin doon. I just want to see Charles and his future wife.”

“Yon nga eh, para ano pa? Gusto mo bang i-torture ang sarili mo?” naiiritang tanong ni Lilia na halos lumuwa na ang mata sa asar sa kaibigang napakatigas ng ulo.

“Kailangan kong matanggap na wala na siya. Hanggang ngayon kasi hindi ako makapaniwala na basta-basta na lang niya ako ipagpapalit sa ibang babaeng. Siguro naman kapag nakita ko siyang ikinakasal, matatanggap ko na ang lahat at masisimulan ko nang kalimutan siya,” maluha-luhang paliwanag ni Mariz.

“There you go again, iiyak ka na naman. Sige gawin mo ang binabalak mo kung sa tingin mo ‘yan ang makakatulong sa ‘yo, pero make sure na kakayanin mo at huwag kang gagawa ng eksena doon. Ikaw ang magmumukhang kawawa kapag nangyari ‘yon. Kung gusto mo sasamahan kita,” alok ni Lilia na halatang nag-aalala sa balak ng kaibigan.

“Hindi na. Gusto kong gawin ito mag-iisa,” matatag na sabi ni Mariz.

Kinagabihan, hindi na naman dalawin ng antok si Mariz. Naiisip niya ang binabalak gawin kinabukasan. Ang totoo, umaasa pa rin siya na magbabago ang isip ni Charles kapag nagkita sila sa simbahan.

Saglit ding pumasok sa isip niya ang lalaking tumulong sa kanya sa elevator. Makikita kaya niya ito sa kasal ni Charles? Sa hindi niya maipaliwanag na dahilan, tila may panghihinayang sa puso niya. Sayang at hindi maganda ang sitwasyon ng pagkakakilala nila.

Linggo. Araw ng kasal ni Charles at ng nobya nito. Ayon sa invitation na hawak ni Mariz ay alas cuatro ng hapon ang simula ng kasal at sa *Basilica*

de San Sebastian iyon gaganapin. Naglaan siya ng oras sa pag-aayos. Alam niyang hindi niya tatalunin sa ganda ang mapapangasawa ni Charles, pero hindi rin naman siya papayag na magmukhang basahan sa tabi nito.

Katatamtaman lang ang height niyang 5'3" ngunit bagay naman iyon sa balingkinitan niyang katawan. Hindi rin siya gaanong maputi pero makinis naman ang balat niya. Hugis puso ang kanyang mukha na may matangos na ilong at mapupulang labi. Pero ang higit na kapansin-pansin ay ang magagandang pares ng mata na binagayan ng kulot na pilikmata at may kalaguang kilay. Sa unang tingin ay aakalain mong may lahi siyang bombay.

Off-shoulder na lavender dress ang napili niyang isuot, simple pero eleganteng tingnan. Ang kanyang lampas balik at na buhok ay pinabayaan na lamang niyang nakalugay, naalala niya kasi na gustong-gusto ni Charles ang buhok niya. Isinuot din niya ang hikaw na perlas na regalo sa kanya ng lalaki noong huling anibersaryo nila.

Puno na ang simbahan nang dumating doon si Mariz. Hindi pa nagsisimula ang seremonya. Pinili niyang dumaan sa gilid ng simbahan upang umiwas

sa mga taong posibleng makakilala sa kanya. Namili siya ng upuan sa bandang likuran kung saan kaunti lang ang mga tao, doon siya umupo at tiniyak niyang malapit siya sa aisle na pagdadaan ng ikakasal.

Pumailanlang ang malamyos na musika sa loob ng simbahan hudyat na magsisimula na ang seremonya. Nag-umpisang maglakad sa aisle ang mga kasapi sa wedding entourage.

Nang si Charles na ang naglalakad ay siniguro niyang makikita siya nito. Nagulat nga ito at medyo namutla nang makita siya ngunit nagpatuloy ito sa paglakad na tila walang nangyari. Hindi na nito siguro inaasahan na dadalo siya sa kasal nito at ngayon nag-aalala ito marahil na baka mag-iskandalo siya sa kasal nito. Pigil ang luhanang yumuko na lamang siya, hindi pa rin niya matanggap ang pagkabigo at ang panloloko ni Charles sa kanya.

“Dito lang pala kita makikita,” pabulong na sabi ng lalaking katabi niya. Hindi niya ito napansin na umupo sa tabi niya.

Dahan-dahang inangat ni Mariz ang kanyang ulo para tingnan ang estrangherong biglang kumausap sa kanya. Ito ang lalaking nakasabay niya sa elevator noon.

“Hinahanap mo ba ako?” nagtatakang usisa niya.

“Hindi na kasi kita inabutan sa opisina ko,” nangingiting sabi nito.

“Nakapagpasalamat naman ako sa iyo, ha.”

“Wala naman akong sinabing hindi.”

Tiningnan niyang maigi ang hitsura ng lalaking kausap niya, nausal niya sa sariling guwapo talaga ito at malakas ang dating.

“I guess, hindi ka invited?” seryosong tanong nito.

“Bakit mo nasabi?” iritadong sagot niya.

“Wala lang, para kasing hindi ka masaya na naririto ka ngayon,” anito.

“Ano naman ngayon sa ‘yo?’” mataray na balik ni Mariz.

“Wala lang, I’m curious kung bakit ka malungkot samantalang wedding is supposed to be a happy occasion. Or maybe, nalulungkot ka kasi you’re wishing na sana ikaw ang ikakasal ngayon?”

Naniningkit ang mga matang tiningnan niya ang lalaking katabi. Tila kasi nababasa nito ang nararamdaman niya at medyo natumbok nito ang

dahilan ng kalungkutan niya.

“Pwede ba, Mr. Soriano, wala akong balak na pumunta rito para lang interview-hin mo.”

Si Russell naman ang hindi kaagad nakapagsalita. For a moment ay parang gandang-ganda siya sa babaeng halos malukot ang mukha sa inis sa kanya. Hindi kasi siya sanay na pinagtataasan ng boses o binabalewala ng babae.

Nasanay siyang parating napaka-charming ng kahit sinong kausap niya. Sino ba naman ang tatanggi sa kanya? Siya si Russell Soriano, ang solong tagapagmana ng isa sa pinakamalaking telephone companies sa bansa.

“Tinulungan mo nga ako, pero hindi ibig sabihin noon na binigyan na rin kita ng karapatan na panghimasukan ang buhay ko,” pukaw ni Mariz sa pag-iisip niya.

Naputol lang ang pag-uusap nila nang mag-umpisang magsalita ang pari na magkakasal kay Charles at Chelsea.

Nabaling na naman ang atensyon ni Mariz kay Charles at sa magandang babaeng pakakasalan nito. Napakaganda ni Chelsea sa suot nitong Sabrina cut na wedding gown. Lalong lumutang ang kaputian

nito at kitang-kita niya sa mukha nito kung gaano ito kasaya. At si Charles naman ay lalong gumuwapo sa suot nitong tuxedo at tila proud na proud sa mapapangasawa nito.

“Charles...” mahinang usal ni Mariz ngunit hindi na niya nagawang umiyak. Marahil tuyo na ang luha niya sa kakaiyak ng mga nagdaang-araw. Sa wakas natanggap na niya na sa ibang babae nagpakasal ang lalaking labis niyang minahal. Na nagawa siya nitong lokohin pagkatapos ng ilang taong relasyon nila. At unti-unti, naglatang ang galit sa puso niya para sa nagtaksil na nobyo. Marahil kung mabibigyan siya ng pagkakataong maibalik dito ang sakit na nararamdaman niya ay gagawin niya.

“Miss Buendia, okay ka lang?” tanong ni Russell.

“Ano ba sa tingin mo?” inis na sagot niya.

“Wala ka bang balak na pumunta sa reception?” anito nang matapos na ang seremonya at nagsimulang mag-alisan ang mga dumalo sa kasal.

“Tingin ko kailangan ko nang umuwi.”

“Sumama ka na. Hindi ba sabi mo invited ka naman?” tila may paghahamong sabi nito.

“Hindi na, tama nang naka-attend ako ng

ceremony nila dito sa church.”

“Malapit ko na talagang isipin na hindi ka talaga welcome sa kasalan na ito at nag-gatecrash ka lang.”

“Of course not,” depensa niya.

“Kung gan’on, sumabay ka na sa akin.” Hinawakan siya nito sa siko at iginiya papunta sa kinapaparadahan ng kotse nito.

Bagaman wala siyang balak um-attend ng reception ay napilitan na rin siyang sumama. Naisip niyang okay na rin ito. Para maisip ni Charles na nakabawi siya kaagad sa pagkabigo niya dito at hindi rin ito ganoon kahalaga sa kanya.

Nasasaktan pa rin si Mariz, pero titiyakin niyang hindin-hindi niya iyon ipapaalam pa kay Charles.

Bride At Last

1

“Pakisabi na lang ulit kay Sir na tawagan ako. I’ve been waiting for him to return my call,” ani Sabrina sa sekretaryang kausap sa kabilang linya.

Naalala niya ang sinabi ni Mr. Miranda nang minsang tumawag siya sa opisina nito at matiyempuhan ito. *“I’m sorry, but I’m really busy. Can I call you back?” he said hastily.*

The man did not even give her the cursory polite hello, after his secretary handed him her call. At hindi na rin nito hinintay ang sagot niya. Binaba na lamang nito ang telepono just as she was about to open her mouth. Mabuti sana kung mahinay na pagbaba ang ginawa nito. Kaso ibinagsak nito ang phone kaya halos pumutok ang kanyang eardrum.

She was left hanging there holding the phone, too stunned to speak or do anything. Pakiwari ni Sabrina, para siyang dinaanan ng isang malaking ipu-ipo. The man was obviously busy, he said so himself. But could someone be really *that* busy para makalimutan nito ang good manners?

Naalala niyang ibinagsak din niya ang receiver

sa inis bilang ganti at sumalampak siya sa kanyang swivel chair in frustration.

That happened three days ago.

Pero hanggang ngayon, apektado pa rin si Sabrina.

She told herself she was annoyed by his arrogance. Subalit ang totoo, na ayaw niyang aminin, hindi niya maialis at patuloy na ume-echo sa kanyang isipan ang boses ng lalaki. His voice was a deep rich baritone, which reminded her of decadent dark chocolate. Talagang nakakahalina ito, kaya lahat ng mga balahibo niya sa katawan ay nagsitayuan for that mere ten seconds he spoke to her.

“Ms. Suarez,” anang sekretarya na humuli sa kanyang lumilipad na isip, “sinabi ko na po ang mensahe ninyo, pero busy pa po si Sir.”

Napabuntong-hininga siya. *Again.* “Too busy?” tanong niya. “Napakaimportante naman ng pinagkakaabalahan niya,” sarkastiko niyang sambit. Kunsabagay, ito lang ang magulang na hindi pa niya nakikilala. He did not attend the orientation seminar.

Napasimangot si Sabrina. *What could be more important than your own child?* tanong niya sa sarili. *Correction, children.* At lumipad ang mga mata niya

sa kambal na tahimik na nakaupo sa sofa sa receiving area ng maliit na faculty room.

“Client meeting po, eh,” paliwanag ng empleyada na hindi naulinigan ang kanyang tahimik na pagngingitngit.

“Fine. Just tell him to call me at my cell kahit ano pang oras,” aniya. She struggled to keep her voice level. Ayaw niyang marinig ng kambal na bata ang kanyang iritasyon sa ama ng mga ito.

Kapagkuwan ay ibinigay niya ang kanyang pribadong cellphone number sa kausap. If she couldn’t get this elusive Mr. Edmund Miranda to call her during office hours, then she was willing to sacrifice her own personal time.

Hindi na rin kasi umuubra ang mga warning letters na pinapadala niya sa mga anak nito. He signed the reply slip, pero wala namang aksyon. He did not bother to call and set up a conference time with her. Kaya hindi niya mapigil ang isiping wala itong pakialam sa mga paslit. Just thinking about this horrible father made her blood boil.

Kaya nga ba napag-iisip ni Sabrina na kasalanan ang pag-aanak. Lalo na kung ang prospective parent ay walang panahon para mag-asikaso. And at this

day and age of fast-paced hectic living, lahat yata ay gahol sa oras.

Sabrina thanked her lucky stars right then for her fiancé, Benjamin. Ayaw rin kasi nitong mag-anak sila. Mabuti na lamang naiintindihan nila ang isa't isa sa departamentong iyon. She personally could not imagine handling a family and a career. Lalo na at ang main goal niya ay magtayo ng sariling paaralan.

Hindi naman sa hindi niya gusto ang mga bata. At pruwera rito ang kanyang propesyon bilang senior kinder teacher sa *St. Ignatius Academy*. Iyon nga lang, at this point in her life, hindi talaga kasali ang anak sa kanyang mga plano.

And at the rate things were going in school, it looked like they would never be included. Sa school, beinte na makukulit na chikiting ang kanyang tinuturuan. Pag-uwi ni Sabrina sa bahay, wala na talaga siyang lakas pang mag-asikaso ng ibang tao. Having her own children would definitely just complicate things.

“Ibibigay ko po ang message ninyo’t ang cell number kay Sir, Ma’am,” anang sekretarya.

“Salamat!” At ibinaba na ni Sabrina ang telepono.

Hindi pa rin niya inaalis ang tingin sa dalawang

estudyanteng kasalukuyang fascinated sa kanilang mga paa. They both looked so fragile with their big round eyes, soft milky skin, plump cheeks and mops of curly hair framing their heart-shaped faces. Oh, so very angelic.

At napangiwi siya. She was not and would never be fooled by their picture of perfection. Peaches and Apple Miranda spelled trouble with a capital T. Double trouble. Small and terrible. Kalabisan man sabihin, pero ang mga anghel na ito ay nagiging mga maliliit na demonyita when the mood strikes them.

And sad to say, these moods strike often. At siya lang naman ang malas na napuputukan ng kanilang mga outrageous mood swings. Kaya kahit halos tatlong buwan pa lamang simula nang mag-start ang pasukan, malapit na siyang maubusan ng pasensya.

Usually, natuturte si Sabrina mid-way through the semester. Pero dahil sa kambal na problema, handa na siyang sumuko ngayon pa lang. Kung puwede lang ihagis ang mga ito palabas ng classroom, ginawa na niya iyon. But since she couldn't really do that, except in her imagination, she would have to settle for speaking to their father.

At naroon na nga ang problema, hindi niya mahagilap ang taong sadya. Now, if only they had a

mother...

Nadama ni Sabrina ang biglang pagsakmal ng awa sa puso niya. How could she forget? The twins did not have a mom.

Hindi niya alam ang buong kuwento pero iyon ang nakalagay sa personal file ng dalawang bata, na ibinigay sa kanya matapos ang enrollment. Ang nakasaad sa blangko para sa mother's name ay 'deceased'.

Bumuntong-hininga muna si Sabrina bago tumayo. Naibsan ng kaunti ang kanina ay nagsusumiklab na galit niya sa dibdib. Umupo siya sa bakanateng silya sa tabi ni Apple. Hindi pa rin makatingin ang dalawa sa kanya. At napansin din niyang nagtutulakan ang magkatabing paa ng mga ito, na para bang nagpapasahan ng kasalanan.

She smiled from within. May sense of guilt din naman pala ang dalawang bata at bahagyang takot sa kanya. She carefully chose her words. "Hindi ko nagustuhan ang ginawa n'yo kay Tommy kaninang recess," simula niya.

"Sorry, Miss Sabrina," sabi agad ni Apple.

At sigurado siyang si Apple iyon kahit hindi niya tingnan ang kanilang mga ID. Surprisingly, she could

tell them apart even during the times they decide to fool people by switching identities. Hindi nga niya mawari kung paano, basta alam lang niya.

“Pero ilang beses ko rin bang ipapaliwanag, that saying ‘I’m sorry’ will not mean anything kung uulit-ulitin ninyo ito,” pangaral niya. *God, I sound like a broken record!*

“Sorry po talaga,” ani Apple.

And so do the children, dagdag niya sa isip.

Between the two, si Apple ang madaling taman ng guilt. Si Peaches ang mas matigas. In fact, Sabrina had a strong feeling that Peaches was almost always the instigator of their pranks.

“Girls, just try to imagine you’re in Tommy’s shoes. Magugustuhan n’yo bang magtatakbo ng walang shorts sa playground?” tanong niya. Kung paano nadekwat ng dalawang makulit ang shorts ni Tommy, hindi niya alam. At ayaw na ring isipin ni Sabrina kung paano nila naalis iyon sa pinakamalaking bata ng kanyang klase.

They had pulled other crazy stunts in the past. Isa na nga roon ang identity-switching. At ang kanilang paboritong paglalagay ng kung anu-anong nakakadiring bagay tulad ng bulate sa pagkain ng

ibang kaklase. They have also scared several fellow students who were using the bathroom. So this incident was actually pretty tame and it did not surprise her anymore. But nevertheless, she couldn't just let it go.

“Well...” Nang walang magsalita sa dalawa, nagpatuloy siya. “Sinubukan ko ulit tawagan ang papa ninyo tungkol dito. But somehow, I can't reach him. You'll just have to give him a letter from me—”

“Miss Sabrina,” putol ni Peaches. “It's hard to find Daddy. Kami ni Apple, bihira namin siya makita ngayon. We're already asleep by the time he comes home.”

“And when we wake up in the morning, wala na rin si Daddy,” malungkot na dagdag ni Apple.

Naramdaman niya ang biglang pagdagsa ng luha sa likuran ng kanyang mga mata. She willed them not to fall. She must not cry in front of them. She stood up and wedged herself between the two girls. Inakbayan niya ang dalawa at ihinilig ang mga ulo papalapit sa kanyang balikat.

“Girls, I'm sure your daddy loves you very much. I'm betting he's busy at work. Mahirap kasi ang buhay ngayon,” paliwanag niya.

She hoped their young minds would understand. Kasi maski siya, hiram siyang intindihin kung bakit walang oras si Edmund Miranda sa kanyang mga anak. Try as she might not to judge him, hindi niya mapigil ang pagdagsa ng inis laban sa iresponsableng ama.

“Just think he goes to work for you. To buy you food, get you pretty things and most of all, send you to school,” dagdag niya.

Sadly, her explanation sounded hollow to her own ears. Tama nga ang kanyang suspetya. The girls needed attention. Sa puntong iyon, mas lalo siyang nahabag para sa dalawa.

Lahat ng inis sa dibdib niya kanina para sa panibagong kabalastugan na ginawa ng mga ito ay agad napalis. After all, they were just children. And when young kids went awry, there was only one figure to blame—the parents. At sa kaso ng mga Miranda, iyon ang kanilang daddy.

Kapagdaka ay tumayo si Sabrina para ihanda ang mga bata sa kanilang pag-uwi. Tinawag niya ang kanilang Yaya Lagring na naghihintay palagi sa waiting area. Sinamahan pa niya silang maglakad hanggang sa parking lot, kung saan naroon na rin ang kanilang sundo.

Pinanood niya ang pagbuwelta ng van mula sa sidewalk at kinawayan ang mga bata.

Thank God it's Friday! Sinapo niya ang ulo gamit ang libreng kamay at humugot ng hangin. She finally would have the whole weekend free to recharge.

“Bye, Miss Sabrina!” sigaw ng dalawang matinis na boses mula sa nakabukas na bintana ng van. Nahuli niyon ang kanyang atensyon.

“Bye, girls!” aniya. Seeing their genuinely happy smiles tugged her heart. “Be good, okay.”

Tumango ang dalawang bata. Bago tuluyang nakaalis ang sasakyan, nakita niyang binatang siya ni Peaches ng isang halik. Marami na ring mga batang gumawa sa kanya ng ganoon. But somehow, she felt that particular little kiss was extra-special. Parang kinurot nito ang isang bahagi ng puso niya. And that unnerved her.

Ipinilig niya ang ulo para maliwanagan ang kanyang isip. Tumalikod siya at naglakad pabalik ng faculty room. Pero hindi pa rin niya mawaglit ulo ang tungkol sa dalawang bata. Tanging yaya at driver lamang ang palagi niyang nakikitang kasama ng mga ito. Sino kayang ibang kapamilya ang matatakbuhan nila?

Labas ka na roon, piping gagad ng kung anong boses sa utak niya.

And she knew that voice was right. Sabrina reminded herself of her vow of detachment. Pakiramdam niya, mas magiging magaling siyang guro kung hindi niya pepersonalin ang lahat. Sa dinami-dami ng kanyang estudyante, it would be too emotionally draining if she would allow herself to get attached to all of them. She would not be able to function well and treat them all fairly.

A little kindness and empathy were acceptable in her line of work. But any more than that, would be threading on dangerous ground. Kaya pinilit niyang ilabas sa isipan ang tungkol sa kambal niyang problema.

2

“Why the long face?” usisa ni Rhianna Villoria. “Hindi mo ba gusto ang cut? Sukat na sukat naman sa ‘yo ang gown.”

Umiling si Sabrina. She swayed from side-to-side allowing the flowy fabric to glaze over her toes, while continuing to look at herself on the mirror. Pero imbis na gumaan ang kanyang pakiramdam, mas lalong lumalim ang kanyang simangot. She had this feeling of impending doom.

“What’s the problem?” nag-aalalang tanong ng kanyang best friend at maid-of-honor.

“I don’t know, Rain,” aniya. “It just feels weird.”

“Weird?” bulalas nitong parang hindi makapaniwala. “You’re the one who chose that design. Why does it feel weird? Makati ba?” Umiling siya muli. “What then?”

“Ewan!” Bagsak ang mga balikat, bumaba si Sabrina mula sa maliit na bilugang entablado sa tapat ng salamin. At mula roon, nagtungo siya sa munting sofa at sumalampak doon.

“Eeek! Darling, don’t do that,” ani Mike, alias ‘Mika Diva’. Ito ang sikat na designer na gumawa ng wedding gown niya. “Malulukot ang aking masterpiece. At baka masira ang mga temporary stitches.” Kapapasok lang nitong muli sa loob ng dressing room, bitbit ang isang mahabang belo.

Agad siyang napatayo. “Sorry, Mika!” lulugong lugong sabi niya. “I don’t know what came over me.”

“She’s not happy,” prangkang sabi ni Rain, na nakatayo pa rin sa tabi ng malaking salamin.

“Rain!” sambit niya na may kaakibat na babala.

“What!” Mika shrieked at the same time.

“Ah, eh... Look, Mika. I didn’t say that. Namisinterpret lang ako ni Rain. Hindi pa kasi fully finished ang gown kaya medyo nadismaya nga ako,” palusot niya. Mula sa likuran ni Mika, nakita niyang iniikot ni Rhianna ang mga mata paitaas.

Tinanggap naman ng bading ang paliwanag niya. He looked relieved. “Oh, God! Ninerbyos tuloy ang beauty ko, darling. Hindi pa nga tapos ang beading, as you can see.” At itinuro nito ang mga detalyeng kulang pa.

Pero hindi na iyon narinig pa ni Sabrina. Her

mind wandered off to that moment when she felt like her future seemed bleak. At ang masaklap na puntong iyon ay naganap nang humarap siya sa salamin suot ang wedding gown.

Habang nakatayo siya sa maliit na pedestal suot ang gown sa unang pagkakataon, parang unti-unting lumiit ang kuwarto. Bigla siyang pinagpawisan nang malapot, kahit hindi naman mainit. Parang tumigil sa pagdaloy ang kanyang dugo at gusto niyang himatayin. Kalabisan mang sabihin, but her approaching wedding suddenly felt more like a death sentence.

Is this what they call cold feet? tanong niya sa isip.

Dumagsa muli ang asido sa kanyang tiyan. Tama yata ang pamahiing bad luck ang pagsukat ng sariling wedding gown. Nagsisi si Sabrina kung bakit pa siya nagpumilit. Muling gumiling ang kanyang tiyan. She suddenly had this foolish urge to run—really fast and far. Very much like Julia Roberts in the movie *‘Runaway Bride’*.

And these doubts did not make sense at all because Benjamin Sandoval is the love of her life. Mabait itong tao. He could work on being a little extra sweet and romantic, but that was something she had learned to live with. Hindi naman kasi siya

mapapakain ng sweetness.

Matagal na silang magkakilala ni Ben. Simula noong high school days pa, nagkrus na ang landas nila. They met in a class soiree or interaction. Nag-aral kasi siya sa isang all-girls school, ang *Colegio De Santa Rosa* kaya ginagawa ang ganoong mga activities. Si Ben naman ay taga-*Don Bosco*, na parang brother school ng paaralan nila.

Naging magkaibigan sila simula noon. Although they went to different universities, hindi iyon naging hadlang sa kanilang pagiging magkabarkada. Hindi naging romantiko ang kanilang relasyon, hanggang sa kanyang ika-dalawampu't limang kaarawan. That was the turning point of their relationship.

And when he proposed marriage to her four months ago on her twenty-eight birthday, she said yes. Saan pa ba patutungo ang kanilang relasyon? Hindi na rin naman siya bumabata.

Ang pinakaimportante, mabait si Ben. At sa gulo ng mundo ngayon, pakiwari ni Sabrina, hindi na siya makakatagpo ng ganoong de-kalidad na lalaki. Liars and cheaters were a dime a dozen. So saying yes to his proposal was the most logical decision.

Natigilan si Sabrina sa kanyang naisip. She was

getting married dahil isa itong logical decision? Parang ang sagwa yatang pakinggan. Did she just say yes dahil lamang naririnig niya ang tunog ng kanyang biological clock? At hindi ba dapat nag-uumapaw sa saya ang bride? Ang ibig ba sabihin nito ay hindi niya talaga mahal si Ben?

She felt in heart that she did love him. Eh, kung ganoon, why was she suddenly feeling like she was making the biggest mistake of her life?

“So you see, darling, your *traje de boda* will be absolutely perfect in time for your big day. Just perfect!” pagtatapos ni Mika, na siyang pumukaw sa kanyang balisang isip.

Napalunok si Sabrina. Things did not feel perfect, at all. In exactly three months, two weeks and six days, magaganap ang sakalan. *Kasalan*, giit niya sa isip. She forced herself to focus.

“You’re the best talaga, Girl!” she said, a little too brightly.

Hindi napansin ni Mika ang kanyang pagkabalisa. But one quick glimpse at her friend told her that Rain witnessed her discomfort. Her best friend knew her far too well. Mapagtanong ang mga mata nito. Pero hindi ito nag-ungkat hanggang sa marating nila ang

sasakyan.

“What was that all about?” anito. Tinapakan nito ang selinyador at umusad ang bago nitong *Toyota Altis*.

Inisip ni Sabrina ang isasagot. She took her time answering, kaya inulit nito ang tanong. Napabuntong-hininga siya. “I keep asking myself the same thing,” sagot niya, sabay bukas ng radyo. Bumulahaw ang tunog ng masayang pop music.

“Don’t evade my question,” mariing saad ni Rain at pinatay ang radyo.

“Will you just keep your eyes on the road?”

Umismid ito at dinedma ang kanyang babala. “Wala kang maitatago sa akin. Kilala kita. I’ve known you since grade school. So mabuti pang sabihin mo na. What’s eating you?”

“Watch out, may tatawid!” sigaw niya.

At bigla nitong tinapakan ang break. Bahagya silang napadausdos. Mabuti na lang at naka-seatbelt sila.

“Ay, sus!” bulalas ni Rain sabay kamot ng ulo. “Ang layo naman pala.”

Hinawakan ni Sabrina ang handle sa itaas ng pintuan ng kotse. Riding with Rain had always been like this. Parang kung anong disaster ang maaaring maganap. “Will you just concentrate on driving!” aniya.

“I can multi-task,” turan nito. At hindi siya nito tatantanan. Paulit-ulit nitong inungkat ang nangyari sa bridal shop.

“Fine. I’ll tell you,” naubasan ng pasensyang sabi niya. At ikinuwento niya ang lahat ng mga agam-agam sa paparating na kasal. “Now, I’ve got two perfect words to describe what I’m feeling: Wedding jitters.”

“Isn’t that normal for every bride?”

“Ewan ko,” naguguluhang sabi niya. “Siguro.”

“I don’t know what to tell you,” malungkot nitong sabi. “I’ve never been married and have no urge to get married. Hindi kita mapapayuhan.”

Pinisil niya ang braso ng kaibigan. “You don’t have to say anything.”

“But isn’t this what maids-of-honor do? I need to ground you pag natataranta ka na sa mga plano.”

Umiling siya. “Mag-drive ka na lang, Rain.”

“Mabuti pa nga,” sa wakas ay sang-ayon nito.

Binuksan muli ni Sabrina ang radyo. Maliban sa masayang musika, tahimik nilang narating ang kanilang destinasyon.

“How was the fitting?” tanong ni Benjamin, habang hinihintay nila ang pagdating ng kanilang hapunan.

Nagkatitigan sina Rain at Sabrina.

“Sorry, I didn’t make it,” dagdag ng binata.

“Your wife-to-be looked stunningly beautiful,” sagot ni Rain, dahil mistulang naputol ang dila ni Sabrina. “I bet you would’ve wanted to marry her right then and there, kung nakita mo lang siya.”

“Hindi bale. I’ll see her wearing it on our wedding day,” anito, sabay paghawig sa isang estrangherong buhok na bahagyang naligaw sa mukha ng kasintahan. “And that would be the perfect time. The most perfect time of our lives.”

Parang kung anong tipak ang bumara sa lalamunan ni Sabrina sa sinabi ng nobyo. If she would hear the word perfect one more time, sisigaw na talaga siya. Uminom muna siya ng tubig bago

sumagot, “I really wish you were there.”

At iyon ang totoo. Maybe if Ben was there with her like he promised he would, hindi sana naguluhan ang isip niya. Bakit ba kasi palagi na lang may aberya ito sa negosyo?

“I’m sorry,” malungkot nitong sabi habang hinihimas ang palad niya.

“Next time, Ben, huwag ka nang mag-sched ng meeting on a Sunday. Ang Diyos nga nagpahinga ng Linggo,” birong sabad ni Rain.

Lumipad ang tingin ng binata sa kanyang best friend. “You know how this works. I closed the deal on the golf course.”

“Hey! I was just kidding,” depensa ni Rain.

Pawang negosyante ang kanyang fiancé at kaibigan. Kung minsan nga, magkasama pa ang dalawa sa mga trade fairs. At ilang business convention na rin ang naganap kung saan escort ni Rain si Ben. And she did not mind at all. It was even her idea, dahil talagang nababato siya sa mga ganoong klaseng gathering. Ang ipinagtataka lang niya, bakit lagi pa ring nagkakapikunan ang dalawa, kahit matagal na silang magkakakilala.

“Tama na nga ‘yan! Baka mauwi na naman kayo sa pagbabangayan,” awat niya.

“Pikon kasi ‘yang asawa mo,” hirit ni Rain.

Pinandilatan niya ito. Pero bago makapagsalita si Sabrina, naunahan na siya ni Ben. “Hindi ko pa asawa si Sabrina. We’re just about to get married. For a supposedly smart girl, dapat alam mo ‘yon.”

Bumuntong-hininga na lang siya. What was up with these two important people in her life? Para silang mga bombang sasabog tuwing magkakasama. It must be because Ben was ultra conservative and Rain was too liberal.

Nagkibit na lang siya ng balikat. Whatever their reason, that was the least of her worries now. Muli kasing umasim ang tiyan niya sa mga binitawang salita ni Ben. Hindi pa nga siya nito asawa. Maybe there was still time...

Time for what? anas ng isang boses sa isip niya.

Time to back out... sagot naman ng munting tinig sa puso niya.

Nababaliw na nga siya sa kakaisip. So she stood up abruptly, para mapuksa ang mga boses na iyon. Ikinagulat iyon ng dalawang kasama niya sa mesa.

“I’m just running off to the bathroom,” paliwanag niya.

Habang naglalakad siya palayo, narinig niya ang masasayang halakhak nina Rain at Ben. Napangiti siya habang iniiling ang ulo. Naisip niya, parang mga bata ang dalawa—away-bati.

But her smile slowly slipped from her face. At natigilan siya. *Running away, bride?* muling hirit ng boses sa isip niya, bago ito nagpakawala ng isang mapanuyang halakhak.

Napamulagat si Sabrina. “Lekat! Mang-asar daw ba,” bulalas niya sa kalawakan.

Kay tagal na niyang nakahiga at hinihintay ang pagdapo ng antok. Hirap siyang makatulog dahil sa magulo niyang damdamin. At kung kailan sasapian na sana siya niyon, saka pa nag-ring ang kanyang cellphone.

Lumipad ang mga mata niya sa digital clock sa mesita. 10:30 p.m. Sino ba kasing walang modo ang tatawag ng ganitong oras? Maaga pa naman ang pasok niya kinabukasan.

Pinilit niyang tumayo para kunin ang telepono

na naiwan sa loob ng kanyang bag. Muntik pa siyang matalisod dahil hindi niya binuksan ang ilaw. Bakit nga ba siya nagkakandarapa kunin ang lekat na phone?

Naisip niya kasing baka si Mr. Miranda ang tumatawag, and she really needed to speak with him.

Hindi niya kilala ang numero. It must be him. Huminga muna siya nang malalim bago pinindot ang answer button. Hindi niya maintindihan kung bakit nakadama siya ng matinding nerbyos.

“Hello?” she said tentatively.

“Miss Suarez? I’m Edmund Miranda,” pagpapakilala ng tinig.

Sa wakas! “Sir, I’m so glad you called,” aniya.

At iyon nga ang nadarama niya. And this conversation was proof na hindi niya guni-guni ang una niyang impresyon sa boses nito. His voice was really sinfully sexy that she wanted to swoon. Umupo siya sa kama para hindi siya matapilok muli. “Natanggap n’yo po ba ang sulat na ipinadala ko sa mga bata?”

Narinig niya ang pagbuntong-hininga nito. Even his frustrated sigh sounded so rich in her ears. “Yes,”

anito. “Look, I’m sorry. I’m so sorry for the troubles my girls have caused again. Sorry talaga.”

Sorry isn’t good enough. Binalutan siya ng inis pero siyempre, hindi niya iyon ipinahalata. “Sir, we need to talk about this in person.” Nang hindi ito sumagot, idinagdag niya, “As soon as possible.”

“Not this week. I’m really swamped at work,” anito. “Umalis ang chief assistant ko since June and I haven’t found a replacement.”

Kaya naman pala. “But work isn’t an excuse to be missing-in-action from the girls’ life,” prangkang sabi niya. She heard his harsh sudden intake of breath na para bang nagulat ito.

At dahil nanatiling tahimik ang lalaki, hindi na niya napigilan ang sarili. “Sir, we really need to discuss this in person. Utang na loob. If you truly care about Peaches and Apple we need—”

“Are you suggesting I don’t care about my own children?” biglang asik nito.

Yes! Sa kabila ng kanyang inis at pagkagulat, napansin pa rin ni Sabrina ang pagbabago ng boses nito. His baritone went down a notch and turned even deeper. “Hindi naman po sa ganoon,” pasubali niya.

“What then?”

“All I’m saying is we need to talk. The sooner the better. Kung puwede ang schedule n’yo, bukas na bukas din. The girls’ class ends at twelve noon. I’m free anytime after that.”

Naghari ang katahimikan sa linya. For a split second there, akala ni Sabrina binabaan siya nito muli ng telepono. Pakiramdam niya, isa siyang bilanggong naghihintay ng pagbagsak ng hatol ng kamatayan.

“Okay then. I’ll try to see what I can do about my schedule,” ani Mr. Miranda.

Hindi pa rin siya nakahinga nang maluwag sa sagot nito. He did not actually say yes, but he said he would try. And for now, that was good enough.

Just try your best, she wanted to say. Pero hindi siya mapangahas kaya ang lumabas sa bibig niya ay, “Okay, Sir. Thank you.”

A few minutes later, Sabrina found herself staring at the ceiling. Muli na namang naging mailap ang antok sa kanya. She tried to push all the thought of Mr. Miranda off her mind, pero hindi niya iyon magawa.

His voice was just too damn disturbing. If she

was looking—which was not the case because she had Ben already—he would be a perfect candidate for his voice alone. At kung okay naman ang hitsura nito, siguradong matutuwa si Rhiana na makilala ito. Naghahanap kaya ng bagong asawa ang biyudo?

Natawa siya sa kanyang *matchmaking* kagagahan. Talagang inaantok na siya at kailangan nang matulog. Ipininid niya nang mas mariin ang mga mata.

Pero pilitin man ni Sabrina, hindi mawaglit-waglit sa isip niya ang boses ng lalaki. Fathers just did not sound like that. Kapita-pitagan at halatang may edad ang boses ng mga tatay na kilala niya. Basta hindi ganoon. Hindi ganoong ka-sexy.

At namula siya sa sumagi sa isip niya. If he sounded like that, then he must look...

“Pangit siguro,” bulong niya.

At naalala niya ang sabi-sabing, basta sobrang ganda ng boses, salungat niyon ang hitsura. Nakasisiguro siyang ganoon ang kaso ni Mr. Miranda.

3

Sabrina was wrong. Dead wrong.

Here she was now facing the broadest shoulders she had ever seen in her entire life. It belonged to a man who was over six feet tall and oozing with masculinity. At na-accentuate lalo ang balikat nito dahil sa suot nitong sports coat. Parang kay sarap humilig dito at kaya nitong pasanin lahat ng kanyang mga problema.

Mali siya talaga. Edmund Miranda had a sexy voice with an equally sexy body to match it. Bukod pa roon, he had handsome rugged good looks. Parang gusto niyang iparaan ang kamay sa makapal nitong buhok. *Life is just not fair.*

“Miss Suarez,” tawag nito. “Miss Suarez...”

Napamulagat siya. At naramdaman niyang nag-aapoy ang kanyang mga pisngi. Napansin kaya nito ang garapalan niyang pagtitig? Nakakahiya. “Uhm... ah, eh... yes, Sir?”

Here she was on a rainy Wednesday afternoon, stuck inside the emergency room with Peaches and Apple and all she could think about was how gorgeous

their elusive father was. Nahihibang na nga siya.

Get a grip, Sabrina, aniya sa sarili.

Napansin niyang tinatawag siya ng lalaki pero hindi ito nakatingin sa kanya. Ang ulo nito ay nakaanggulo sa gawing kaliwa and his gaze was fixed on the children, who were both lying down on the hospital bed. Maputlang-maputla ang mukha ng dalawa.

“Ms. Suarez, can you please tell me again what happened? I was so worried kanina, hindi ko yata na-digest ang sinabi mo,” sabi nito.

She smiled inwardly at the irony of his chosen words. “Sir, no pun intended, pero mukhang sina Peaches at Apple ay siyang hindi nakapag-digest ng kinain nila kaninang umaga.”

Hinarap siya ni Edmund. And for the first time since that tense episode in the school clinic, kumawala ang isang maliit na ngiti sa bibig nito. For a second there, Sabrina had this mad urge to run and hide. Hindi niya maintindihan ang epekto ng lalaki sa kanya.

Pero dahil hindi niya iyon magawa nang hindi magmumukhang tanga, ikinuwento na lamang niya ang nangyari matapos ang klase.

Kanina pa napansin ni Sabrina na parang balisa ang kambal. It was Wednesday and their P.E. day, pero hindi aktibo ang mga ito, tulad ng dati. Pati noong recess, parehong matamlay ang magkapatid. Kinumusta niya ang pakiramdam ng mga ito, pero ang sagot ay okay lang sila. They did not even want to go to the clinic kaya hindi na rin siya nagpumilit.

But all hell broke loose shortly after dismissal. Nagsuka nang nagsuka ang dalawang bata. At laking kamalasan naman na nangyari ang ganito kung kailan wala ang kanilang Yaya Lagring. Ang sabi ng driver na ipinatawag niya sa assistant teacher, may sakit daw ang kasambahay mula pa noong Lunes.

Dinala muna niya ang kambal sa clinic para roon humiga. Hindi na naman naulit ang pagsusuka, pero hindi makabangon ang mga paslit. Pawang matamlay at maputla ang dalawa. At ayaw naman niyang pauwiin sila na bukod tanging driver lang ang kasama. It just did not seem right. So, tinawagan niya ang ama nila.

Dumating si Mr. Miranda in a span of thirty minutes. Who would have thought na ganitong klaseng aberya ang makakapagpapunta rito sa paaralan? How she wished they met under different circumstances.

Mula roon, nagpasya itong isugod ang kambal sa doktor. Para kasing may sinat na ang dalawa. Ayaw namang umalis ng kambal na hindi siya kasama. Nag-alboroto ang mga ito at nag-iiyak. Kaya wala siyang ibang magawa kundi magpaubaya, dahil naawa rin siya sa tatay ng mga ito na walang katulong. So here she was now in the ER, waiting for the anti-vomitting medicine to work on the kids, entangled in their family drama.

“I really think it could be something they ate this morning,” pagtatapos niya. “Tantya ko sa hitsura ng isinuka nila, parang hindi sila natunawan.”

Umiling-iling ito. “It’s such a shame hindi ko alam ang kinakain nila,” he said with a tinge of sadness in his voice. Bakas sa mukha nito ang guilt. “Wala na kasi ako sa bahay when they get up. I have to get to work early.”

She suddenly thought he was not such a heartless swine after all. Labis ang pag-aalala nito sa mga anak. Somehow, she was touched by that. And that was what possessed her to reach out and pat his arm in understanding. “Huwag na po kayong mag-alala. Sabi naman ng doctor, they can go home in a little while.”

“Thank God!” he said, while absently tapping

her hand in return.

Pakiramdam ni Sabrina, parang tinamaan siya ng kidlat sa paglalapit ng kanilang balat. Agad niyang ibinaba ang kamay sa labis na kahihiyang. Pero hindi naman napansin ng biyudo ang kanyang pagkabahala. Patuloy itong nagsalita, “Thank God they’re okay,” ulit nito na para bang hindi pa rin makapaniwala. “I really thought I was going to lose them.”

Hindi na nagsalita pa si Sabrina. Lito ang kanyang mga damdamin. This had been one emotionally draining day. Nakakaiyak na nakakatawa nga naman ang kapalaran. Ito pa ang gumawa ng paraan para makapag-meeting sila ni Mr. Miranda.

Kapagdaka, nagsalita ito muli. “Pasensya ka na, ah. Nasangkot ka pa sa gulo namin.”

“Okay lang po iyon. Peaches and Apple are really special kids,” aniya.

“I know. Which is why I worry about them always.” Isang mapait na ngiti ang puminta sa mukha nito. “And I can’t blame you if you don’t believe me kasi lagi akong absent.”

What could she say to that? Napipi si Sabrina.

“I really love my kids,” pagpapatuloy nito habang

masusing tinitingnan ang kambal. “They are the only ones I’ve left. Their mother passed away giving birth to them.”

For a second there, she caught a glimpse of immense sadness in his eyes. Whoever his wife was, she was a very lucky woman. Bakas sa mukha ng lalaki ang labis na pananaghoy at pagmamahal. Sa puntong iyon, parang may kamaong dumaklot sa puso niya at pinisil iyon.

“I’m very sorry, Sir.” At sino ba naman ang hindi mahahabag sa ganoong klase ng impormasyon?

“No, don’t be. Sorry will not bring her back,” payak nitong sabi. Napakurap ang mama at ang lungkot sa mga mata nito ay agad napalis. His face suddenly became devoid of emotion.

Nagulat si Mon sa mga salitang dumulas mula sa kanyang bibig. He had not talked about his wife for a very long time. Ano ba ang mayroon itong si Miss Suarez at lumabas ang impormasyong kanyang pinakaiingatan nang ganoon-ganoon na lang? He instantly felt stupid and ridiculous for revealing more than he should.

“Sir, I’m really concerned about their behavior in school,” ani Sabrina. Parang pangit man ang timing,

pero iyon ang paksang inungkat niya because she didn't know what else to say. School business was a very safe topic. At doon sa aspetong iyon, malakas ang kumpyansa niya sa sarili.

Ipinaraan ni Mon ang kamay sa ulo at bumuntong-hininga. "I owe you an apology," sabi nito. "Pasensya ka na talaga. I run a computer-consulting company and the information we secure for clients is important. I really care about my kids."

Tumango siya. "They have great potential, Sir. They may cause a little bit of trouble but they're special kids." And she meant what she said. Sobrang talino kasi ng mga anak nito. Otherwise, they would not get into so much trouble with the crazy outrageous tricks they had thought of.

"Siyempre I'll agree with you," turan nitong nanumbalik ang ngiti sa mga labi. "And please stop calling me 'sir'. I'm only thirty-six and you're making me feel as if I'm fifty. Friends call me 'Edmund' or 'Mon'."

Natigilan si Sabrina. This was not the first time she heard this kind of request. But this was certainly the first time she had the trouble complying. Calling him by his first name sounded too personal... and even dangerous.

Ngunit wala siyang magawa kundi dinggin ang samo nito. It would be weird kung mag-inarte siya at malaman nitong on first-name basis siya sa ibang magulang.

“Uhm, okay, Edmund,” alanganing sambit niya. Saying his name sent a different kind of tingle all through her body. Nadama niya ito mula sa mga daliri niya sa talampakan, patungo sa kanyang ulo. “And please, call me ‘Sabrina’.”

Mon liked the way his name rolled off her tongue. The way she said it almost made him feel somewhat special. At naguluhan siya sa damdaming iyon. Dumapo ang tingin niya sa daliri ng babae. Sitting proudly on her left ring finger was a diamond solitaire. Engaged ang dalaga.

Biglang nakadama si Edmund ng disappointment. He did not know her well but he was bothered by that detail. Pero sinikap niyang huwag iyong pagtuunan ng pansin. Wala rin naman siyang magagawa because the girl was obviously committed to someone else. At wala rin siyang planong gawin. He was not in the market for a new wife. Or a girlfriend even. He liked his life just fine.

“So are my kids going to be expelled?” pagbabalik ni Mon sa rason ng kanilang meeting. “This won’t be

the first time,” malungkot nitong dagdag.

Umiling si Sabrina. “Nothing that grave.”

“I admit, I’m partly to blame,” saad nito. “I know I should devote more time with the kids. Pero mahirap, lalo na ngayong na-pirate ang kanang kamay ko. Kailangang mas tutukan ko ang negosyo.”

He looked so defeated. Deep lines were suddenly etched on his forehead. Hinaplos nito ang braso ni Apple. “I’m just doing this to secure the girls’ future. All I need is a little more time para makahanap ng mapagkakatiwalaang tao.”

Parang kung anong bumubulong kay Sabrina na yakapin si Mon at sabihin rito na ‘Everything will be all right.’ Pero hindi niya iyon binigyang pansin.

“Your kids are really smart, but they need to divert their attention. Pati ang grades nila apektado, kasi hindi sila makapag-concentrate sa lessons. Maybe their ninang, tita or lola could help out,” suhestyon niya.

“My parents are based in Cagayan De Oro. My only sister lives in the States. And the only person who visits the kids regularly is my late wife’s mother,” sabi nito. “Pero matanda na rin si Mama. She can’t keep up with the girls so I can’t expect much from her.”

“Perhaps, a good tutor they can connect with...”
aniyang iniisip kung sino ba ang puwede niyang
mairekomenda.

“Ikaw kaya, Sabrina.”

“Ako?” napangangang sabi niya.

“You said someone the kids feel connected to,”
simula nito. “And to be honest with you, ikaw ang
bukambibig ng mga anak ko. Pati si Yaya Lagring,
sinasabing mabait ka. Can you be their tutor?”

Good question, naisip niya. Could she do it?
Would she have time to do it? More importantly,
would she want to do it?

“Ms. Sabrina, please. Can you be our tutor?”
pukaw ng matinis na boses mula sa dakong likuran.

Pareho silang nagulat ni Mon. They did not even
notice na gising na pala si Peaches. Edmund slowly
walked over to the other bed to sit with his daughter.
Sinundan niya ito pero nanatili siyang nakatayo sa
dulo ng kama.

“Please, Ms. Sabrina,” samo ng bata. Her big
round eyes were pleading. At ang labi nito ay
nakamusarga sa pagmamakaawa. Ipinagsaklob pa
nito ang mga kamay na para bang nagdarasal.

And how could she possibly say no to a request like that? Bato lang ang hindi matitinag.

Inalis ni Edmund ang kanang kamay sa manibela para hinaan ang volume ng player. “Thanks for coming with us,” saad nito sa katabi sa passenger seat. “What you did for my girls was beyond your call of duty.”

“It was a pleasure to do it,” tugon ni Sabrina, na walang halong kaplastikan. Iyon ang sinabi niya, dahil iyon naman talaga ang totoo.

She had great pleasure tucking the girls into their beds, after sharing an early dinner of chicken arrozcaldo. Nagpabasa pa ang mga ito sa kanya ng paborito nilang fairytale, ang *The Princess and the Pauper*.

Nang hilingin ng kambal na sumama siya sa bahay ng mga ito mula sa ospital, nagdalawang-isip siya. Ayaw sana niyang magtagal kasama ng mga Miranda, because she didn’t want to give the girls any ideas. Mahirap na at very vivid pa naman ang imahinasyon ng dalawang bata. Hindi lingid sa kanyang sabik ang mga ito sa isang mother figure.

Mula sa ospital, ang balak niya ay mag-taxi

pabalik ng *St. Ignatius*, kung saan iniwan niya ang kanyang sasakyan. But Edmund would hear nothing of that. Marami raw babaeng naho-holdup sa daan, kaya ito ang nagpumilit na maghatid sa kanya. At hindi rin ito pumayag na makaalis sila hanggang hindi nalalagyan ng pagkain ang kanyang sikmura.

Kaya kahit na may mga reserbasyon siya, hindi niya nagawang tumanggi. The twins and their father were very persuasive.

At ngayon, natutuwa naman siyang nagpauto sa kanila.

Bukal sa loob ng kambal ang pagtanggap sa kanya. She could feel their trust and the love from their little hearts slowly lift up her own spirits. Spending that few minutes in their room would be etched in her memory for life.

And what about your time with their father? piping gagad ng utak niya. Iyon ang isang katanungan na hindi niya tinangka pang sagutin.

Sinipat ni Mon ang mukha ng tahimik na dalaga mula sa gilid ng kanyang mga mata. Her short pixie haircut highlighted her perfectly oval face and expressive eyes. Bagay na bagay ang gupit na iyon

sa maliit nitong mukha. In fact, it did not make her look boyish, but more feminine. Bibihira lang siyang makakita ng babaeng ganoon ang gupit pero malakas pa rin ang appeal.

And more than her physical qualities, maganda ang puso nito. Her beauty was skin deep. Sinamahan na siya nito sa ospital, pumayag na maging tutor ng kanyang mga anak at nagpaunlak pa ito sa request nitong samahan sa kuwerto at basahan ng bedtime story. Malaki talaga ang utang-na-loob niya kay Sabrina.

Nasa tama ngang propesyon ang dalaga. She loved children and she obviously had much love in her heart to give. Kanina, habang pinapanood niya ito kasama ang mga anak niya sa silid mula sa bahagyang nakabukas na pintuan niyon, naramdaman niya ang hila sa kanyang mga mata.

Parang kung ano tuloy ang tumurok sa puso niya. He had never seen his children act like that towards any other woman, other than their grandmothers and Lagring. Masakit sa kanya ang realisasyong kapos sila sa pagmamahal ng isang ina. At kahit na ano ang gawin niyang pagdo-double time para ipakita ang fatherly love, hindi pa rin iyon sapat. At kailanman ay hindi iyon magiging sapat.

Unfortunately, sarado na ang puso niya pagdating sa pag-ibig. And a widower with two rambunctious kids was no prized catch. At nakasisiguro siyang walang babaeng papayag na akuin ang responsibilidad ng iba. Kahit gaano pa kalambot ang puso nito, tulad ng kay Sabrina.

He's lucky, naisip ni Edmund. Kung sino man ang lalaking iyon, napakasuwerte talaga nito kay Teacher Sabrina.

Tahimik nilang narating ang parking lot ng *St. Ignatius*. At dahil way past dismissal time na, bukod tanging security guard at ang lumang *Honda Civic* na lamang niya ang naroon.

“Ako na’ng bahala,” ani Sabrina, dahil mukhang bababa pa si Mon para ipagbukas siya ng pinto. Bago siya tuluyang makalabas, naramdaman niya ang kamay nito sa kanyang braso. She turned her body a little to the left to face him.

“Thanks again,” anito.

Ngumiti lang siya. Pero ang totoo, sobrang apektado siya sa ginawa nito. His touch sent another round of shivers through her entire body. Kung hindi siya nakaupo, malamang ay nahulog siya.

Isinara niya ang pinto at nagmadaling pumasok sa sariling sasakyan. Alam niyang nakatuon pa rin ang atensyon ni Mon sa kanya, dahil isa itong gentleman na inaantabayanan ang kanyang paglisan. She forced herself to focus on getting her car started. Pero hindi niya mai-shoot ang susi dahil sa panginginig ng kanyang kamay.

“Damn!” bulalas niya.

When she finally got the engine running, she gave him a thumbs-up sign and huge wave. Pinauna siya nitong makalabas sa gate. At doon na sila naghiwalay dahil si Mon ay kumaliwa at siya naman ay kumanan.

Binuksan niya ang radyo dahil bigla siyang nabagabag ng katahimikan. Somehow, thoughts of Apple and Peaches and their hell of a sexy father, kept creeping into her head. At sa punto ring iyon, biglang parang nasilaw siya sa tama ng oncoming headlights sa kanyang engagement ring.

Napailing siya. How could she possibly have these thoughts, gayung malapit na siyang ikasal kay Ben? Pinilit niyang igiya ang laman ng utak sa nobyo at sa kanilang papalapit na kasal sa *Shrine Jesus*, pero hindi siya nagtagumpay. Bukod tanging si Edmund ang nagsusumiksik sa diwa niya.

And just the thought of possibly seeing him again this Saturday for the tutorial made her quiver in anticipation and excitement. Pinukpok niya ang manibela para mapuksa ang kanyang kagagahan.

Bakit nga ba siya pumayag na maging tutor ng dalawang iyon? Hindi naman niya kailangan ng pera at hindi rin niya kailangan ng karagdagang stress on top of her wedding planning.

“What the hell did you just get yourself into?” kastigo niya sa sarili. At agad naman iyon sinagot ng kanyang konsyensya ng, *Too late to back out now.*